# SY 2023~24　Patnubay sa Aplikasyon ng mga Bagong Mag-aaral

Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School

**1. Mga kwalipikasyong kailangan para makapag-aplay**

Mga batang tinutugunan ang lahat ng sumusunod na (1)～(3).

(1) Mga batang tinutugunan ang isa sa sumusunod na ① o ②.

① Mga batang magtatapos ng elementarya o paaralang katumbas nito (tatawaging “elementarya” mula dito) sa Marso, 2024.

② Mga batang hindi nakarehistro sa elementarya na ipinanganak mula noong Abril 2, 2011 hanggang Abril 1, 2012.

(2) Mga batang nais mag-aral sa paaralang ito ng tuluyang 6 na taon at tinutugunan ang isa sa mga sumusunod na ①～③.

① Mga dayuhang bata na hindi pa sapat ang kakayahan sa wikang Hapon at kaalaman tungkol sa kultura ng Hapon, na pumasok sa bansang Hapon mula Abril 1, 2018 at walang nasyonalidad ng bansang Hapon. (tatawagin ito na “grupo ①”)

② Mga batang walang-tigil na tumira sa ibang bansa nang isang taon o higit pa, kasama ang magulang/guardian, at bumalik sa bansang Hapon mula Abril 1, 2018. (tatawagin ito na “grupo ②”)

③ Mga batang nakakaintindi ng layunin ng edukasyon ng paaralang ito at naghahangad na manirahan o mag-aral sa ibang bansa sa kinabukasan kaya malakas ang pagnanais na makapasok sa paaralang ito. (tatawagin ito na “grupo ③”)

(3) Mga batang tumitira sa loob ng lugar na sakop ng maaaring pumasok sa paaralan kasama ang ‘hogo-sha’ [Ang ‘hogo-sha’ ay ang taong may ‘shin ken’ (karapatan ng magulang / parental authority) sa bata. Kung walang taong may ‘shin ken’ (karapatan ng magulang / parental authority) sa bata, ang kanyang ‘hogo-sha’ ay ang ‘koh ken nin’ (guardian). Tatawaging magulang/guardian sa sumusunod.]

**2. Bilang ng mga mag-aaral na tatanggapin**

80 mag-aaral

Ang bilang ng tatanggapin sa bawat grupo ay ①30 ②30 ③20. Ngunit kapag ang bilang ng mga aplikanteng pumasa sa isang grupo ay mas mababa sa bilang na tatanggapin sa nasabing grupo, pupunan ang bilang mula sa mga aplikante sa ibang grupo.

**3. Lugar na sakop ng maaaring pumasok sa paaralan**

Buong Hyogo Prefecture

**4. Mga dapat ihanda bago mag-aplay**

(1) Paghiling ng mga dokumento para pag-aplay

① Panahon ng paghiling

Nobyembre 21, 2023 (Martes) ~ Disyembre 8, 2023 (Biyernes)

Created by DocuFreezer | www.DocuFreezer.com

② Paraan ng paghiling

ア Kailangang magpadala ng kahilingan ang magulang/guardian ng aplikante sa Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School [tatawaging (paaralang ito) sa sumusunod] sa pamamagitan ng koreo, bumili ng “Letter Pack Light” para gagamiting sobre ng kasagutan at ilakip ito, isulat ang “Paghiling ng mga dokumento para sa pag-aplay” sa harapan ng sobre na gamit ay pulang tinta. (Sulatan ang adres ng padadalhan sa letter pack light.)

イ Ang nasa “grupo ②” na mga aplikante, isulat ang [Kikoku] (balik galing sa ibang bansa) sa blanko para sa “Contents Description” ng “Letter Pack Light” na gagamiting sobre ng kasagutan gamit ay pulang tinta. Pagpadala sa inyo ng mga dokumento, ilalakip ang form ng “Sertipikong nagpapatunay ng pagtira sa ibang bansa”. (Tignan lamang ang 5 (2)⑦.)

ウ Ang mga aplikanteng nakatira sa labas ng Hyogo Prefecture (kasama ang mga nakatira sa ibang bansa) at mga nakatira sa loob ng Hyogo Prefecture ngunit pumapasok sa elementary na nasa ibang prefecture, isulat ang [Kengai] (para sa mga nakatira sa ibang prefecture), [Kaigai (paaralan ng ibang bansa)] (para sa mga nakatira sa ibang bansa at pumapasok sa lokal na paaralan) o [Kaigai (paaralan ng bansang Hapon)] (para sa mga nakatira sa ibang bansa ngunit pumapasok sa paaralan ng bansang Hapon doon) sa blanko para sa “Contents Description” ng “Letter Pack Light” na gagamiting sobre ng kasagutan gamit ay pulang tinta. Pagpadala sa inyo ng mga dokumento, ilalakip ang form ng “Application form para sa pahintulot upang mag-aplay (approval for application)”. (Tignan lamang ang (3) sa ibaba.)

エ Kung kailangan ang salin ng mga ipapadalang dokumento, isulat ang [Pangalan ng Wika] sa blanko para sa “Contents Description” ng “Letter Pack Light” na gagamiting sobre ng kasagutan gamit ay itim na tinta.

(2) Ang paghiling ng magulang/guardian sa punong-guro ng elementarya

Upang makapag-aplay sa punong-guro ng paaralang ito sa panahon/oras ng aplikasyon (tingnan lamang ang 5(1)), dapat hilingin ng magulang/guardian sa punong-guro ng elementarya na ihanda ang mga sumusunod na dokumento ① at ② at kunin ang mga dokumentong ito.

① Ang application form at ID para sa iksamen (Tignan lamang ang 5 (2) ①.)

Sulatan ang mga kinakailangang sulatang puwang at dikitan ng litrato ang application form. Pagkatapos, ipasa ito sa elementarya at humiling na sulatan ng punong-guro ang puwang para sa kapayagan ng punong-guro. Kunin matapos masulatan ang mga dokumento.

② Ang Sulat ng Rekomendasyon (Tignan lamang ang 5 (2) ③.)s

Humiling sa punong-guro ng elementarya na gawin ito, at kunin na nakalagay sa nakasarag sobre.

(3) Ang ”Application form para sa pahintulot upang mag-aplay” na kailangan para sa mga nag-aaplay mula sa labas ng prefecture.

① Ang tinutunugang mga bata

Mga batang lilipat sa Hyogo Prefecture hanggang Abril 7, 2024 (Linggo) at mag-aaplay mula sa labas ng prefecture, o mga batang nakatira sa Hyogo Prefecture at mag-aaplay mula sa mga elementarya sa labas ng prefecture.

② Petsa at oras ng aplikasyon

Enero 4, 2024 (Miyerkoles) ~ Enero 10, 2024 (Miyerkoles) 9:00~16:30

(Maliban sa Sabado, Linggo at pista opisyal)

③ Paraan ng pag-aplay at mga dokumentong kailangan

Ipasa ng mga magulang/guardian ang mga dokumento ng aplikasyon sa paaralang ito at kumuha ng pahintulot upang mag-aplay mula sa punong-guro ng paaralang ito. Mangyaring tumanggap ng mga tagubilin mula sa aming paaralan tungkol sa mga dokumento ng aplikasyon (Tingnan lamang ang (1) ② C sa itaas).

Tandaan lamang na ang pagpapadala sa pamamagitan ng koreo ng mga dokumento ng aplikasyon ay hindi pinahihintulutan.

At kapag hindi ang magulang/guardian ng aplikante ang mag-aaplay, kinakailangan ng kinatawan ng Power of Attorney. Maaaring i-download ang form ng Power of Attorney mula sa website ng paaralang ito.

Ilakip ang "Ulat ng Pahintulot upang Mag-aplay " na ibinigay dahil sa aplikasyong ito pagpasa ng application form (Tingnan lamang ang 5 (2) ⑧).

**5. Paraan ng pag-aplay**

(1) Petsa at oras ng aplikasyon

Enero 11, 2024 (Huwebes) ~ Enero 16, 2023 (Martes)    9:00~16:30

(Maliban sa Sabado at Linggo. Sa Enero 16 (Martes) ang oras ay 9:00~12:00 lamang.)

(2) Paraan ng pag-aplay at mga dokumentong kailangan

Ipasa ng magulang/guardian sa punong-guro ng paaralang ito ang mga sumusunod mga dokumento ①~⑨. Huwag ipadala sa pamamagitan ng koreo ang mga dokumento. At kapag hindi ang magulang/guardian ng aplikante ang magpapasa, kinakailangan ng kinatawan ng Power of Attorney. Maaaring i-download ang form ng Power of Attorney mula sa website ng paaralang ito.

① Application form at ID para sa iksamen (Tignan lamang ang 4 (2) ①.)
② Ulat ng dahilang nais pumasok (Ang aplikante mismo ang dapat sumulat.)
③ Sulat ng Rekomendasyon (Tignan lamang ang (4 (2) ②)
④ Bayad para sa iksamen: 2,200 yen
⑤ Kopya ng rehistro ng residente, ‘jumin kihon daicho’ (o kasulatan ng residente, ‘jumin hyo’) (Ang mga aplikante sa “grupo ①” lamang ang kailangang magpasa.)
*Kapag nakatira pa sa ibang bansa, atbp, kailangang magpasa ng dokumentong nagpapatunay ng pagkakaroon ng nasyunalidad ng ibang bansa. (tulad ng kopya ng pasaporte atbp.)
⑥ Dokumentong makakapagpatunay ng panahong tumira sa ibang bansa. (Ang mga aplikante sa “grupo ①” lamang ang kailangang magpasa, tulad ng kopya ng pasaporte, atbp)
⑦ Sertipiko ng Pagtira sa Ibang Bansa (Ang mga aplikante sa “grupo ②” lamang ang kailangang magpasa. Tignan lamang ang 4 (1) ②イ)
⑧ Ulat ng Pahintulot Upang Mag-aplay (kinakailangan kung nag-aaplay mula sa labas ng prefecture. Tingnan lamang ang 4 (3) ③.)
⑨ Iba pang mga dokumentong kinakailangan ng punong-guro ng paaralan

**6. Ang Iksamen**

(1) Lugar

Sa paaralang ito (1-2 Niihama-cho, Ashiya City: 900m patungong timog mula sa istasyon ng tren na Hanshin “Uchide”

(2) Petsa

Pebrero 3, 2024 (Sabado)

(3) Isasagawang mga bagay sa araw ng iksamen

Sanaysay (essay) at panayam (interview)

(4) Iskedyul sa araw ng iksamen

| | |
|---|---|
| Pagtanggap (Reception) | 9:40~10:10 |
| Paliwanag | 10:20~10:50 |
| Sanaysay (essay) | 11:00~12:00 |
| Tanghalian | |
| Panayam (Interview | 13:00~ |

(5) Mga kailangang dalhin sa araw ng iksamen:

ID para sa iksamen ・Lapis ・Pambura (Eraser) ・Tanghaliang baon

**7. Pagpahayag ng mga pumasa**

(1) Petsa ng pagpahayag at lugar

Pebrero 8, 2024 (Huwebes), 12:00~ Sa paaralang ito.

(2) Briefing session para sa mga bagong paaralan.

Pagkatapos ng pagpahayag ng mga pumasang aplikante, briefing session ang gaganapin. Ang mga magulang/guardian ng mga pumasang aplikante ay dapat dumalo.

(3) Pagpahayag ng resulta sa pamamagitan ng sulat

Ipapaalam ang resulta sa punong-guro ng elementarya mula sa Pebrero 9, 2024 (Biyernes).

**8. Ang mga dapat gagawin ng mga pumasa**

(1) Pagpasa ng "Ulat ng Pagpapatunay ng Kapasiyahang Pumasok"

① Petsa at oras ng pagpasa

Pebrero 17, 2024 (Sabado) ~ Pebrero 24, 2024 (Huwebes) 9:00~16:30

(Maliban sa Linggo)

② Paraan ng pagpasa

Ipapasa ng magulang/guardian ang "Ulat ng Pagpapatunay ng Kapasiyahang Pumasok" sa punong-guro ng paaralang ito. Bibigyan kayo ng "Sertipiko ng Mag-aaral na Papasok".

(2) Pagpaalam sa Board of Education

Pagkatanggap ng "Sertipiko ng Mag-aaral na Papasok", ipapaalam agad ng magulang/guardian sa Board of Education ng tinitirahang lugar na hindi papasok ang mag-aaral sa junior high school ng lugar na tinitirahan.

(3) Pagtanggi ng pagpasok

Kapag hindi itutuloy ang pagpasok dahil sa di-maiwasang dahilan, halimbawa dahil sa paglipat ng trabaho ng magulang/guardian, dapat magpasa agad ang magulang/guardian ng "Ulat ng Pagtanggi ng Pagpasok" (kahit anong porma) sa punong-guro ng paaralang ito.

**9. Ang mapapagtanungan**

Tanggapan ng paaralang ito Tel: 0797-38-2293